

Patnubay sa Sariling-Pagtatasa sa IHSS at Makatarungang Pagdinig

Hunyo 2019, Lat. #5013.08 - Tagalog

Ang patnubay na ito ay upang tulungan kang maghanda para sa pagtatasa sa paunang pagpasok ng manggagawa sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS, In-Home Support Services) ng county o sa taunang pagrepaso. Makatutulong din sa iyo ang patnubay na ito na kumatawan sa iyong sarili at sa iba sa mga makatarungang pagdinig kapag mayroong pagtatalo tungkol sa bilang ng oras sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay na iyong kailangan.

Makatutulong sa iyo ang pagsagawa ng sariling-pagtatasa upang malaman kung ilang oras ang iyong kailangan at kung ano ang sasabihin sa manggagawa ng IHSS na gumagawa ng pagtatasa. Hindi sakop ng patnubay na ito ang lahat ng tungkol sa kung paano gumagana ang programang IHSS. Mangyaring tingnan ang iba naming mga paglalathala tungkol sa IHSS o tumawag sa amin kung mayroon kang mga tanong tungkol sa ibang mga larangan na hindi sakop ng patnubay na ito, tulad ng mga panuntunan tungkol sa overtime sa IHSS, mga alternatibong mapagkukunan, mga problema sa apela o pagdinig (halimbawa, ang pagtanggap na tumanggap ng kapangyarihan ng abugado), o mga isyu sa Legal na mga Permanenteng Residente o mga beterano na kailangan ng IHSS.

Ang aming ibang mga paglalathala tungkol sa IHSS ay makikita rito:

https://www.disabilityrightsca.org/Mga_Paglalathala/in-home-supportive-services-ihss

Mayroong 3 bahagi sa patnubay na ito.

1. Inilalarawan ng **Unang Bahagi** ang mga pagtatasa sa IHSS at kung paano maghanda, mga tanong at sagot tungkol sa IHSS, paano humiling ng at maghanda para sa pagdinig, at kung ano ang maaasahan sa pagdinig.

2. Ang **Ikalawang Bahagi** ay isang palatanungan ng sariling-pagtatasa upang malaman kung ilang oras ang iyong kailangan.
3. Mayroong mga halimbawa sa **Ikatlong Bahagi** mula sa mga tumatanggap ng IHSS na nagpapaliwanang kung bakit kailangan nila ng higit pang oras sa IHSS.

Bahagi 1: Mga Pagtatasa sa IHSS at Makatarungang Pagdinig

Ano ang proseso ng pagtatasa sa IHSS?

Sa panahon ng pagtatasa sa IHSS, ang manggagawa ng county ay pupunta sa iyong bahay at tutukuyin kung aling mga serbisyo ka kwalipikado at kung ilang oras ang makukuha mo kada buwan. Magkakaroon ka ng pagtatasa ng county:

- kapag ikaw ay unang nag-apply para sa IHSS,
- karaniwan, isang beses kada taon, at
- anumang oras na hinihiling mo ito. Dapat isagawa ng county ang pagtatasa sa loob ng 30 araw ng iyong kahilingan at magbigay sa iyo ng Abiso ng Aksyon (NOA, Notice of Action) sa IHSS.

Sasabihin ng iyong IHSS NOA kung gaano karaming oras ang ipinasya ng county na kailangan mo para sa bawat gawaing IHSS kung saan kailangan mo ng tulong. Ang oras sa iyong IHSS NOA ay nasa mga oras at minuto. Maglalaman din ang iyong IHSS NOA ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pag-apela.

Paano sinusukat ng county ang pangangailangan sa IHSS?

- Batas at mga Regulasyon
 - Ang pamantayan para sa pagsukat ng pangangailangan ng indibiduwal para sa mga serbisyo ay itinakda sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (Welfare and Institutions Code) Seksyon 12300.
 - Ikaw ay dapat walang kakayanang isagawa ang kinakailangang mga serbisyo dahil sa iyong kapansanan.
 - Kailangan mo ng mga serbisyo upang (1) manatiling ligtas sa iyong sariling bahay o kung saan mo piniling tumira, at/o (2) magtatag at magpanatili ng malayang pamumuhay.
 - Ang oras na inawtorisa ay batay sa oras na gugulin ng iyong tagapagbigay na gawin ang mga gawaing inawtorisa.
 - Walang oras ang i-aawtorisa para sa mga serbisyo na para lamang sa iyong “kaginhawaan.”
 - Ang pinakamataas na bilang ng oras ay 283 kada buwan.

- Mga Patnubay ng Estado sa Oras ng Gawain: para sa mga detalye tungkol sa Mga Patnubay sa Oras ng Gawain (mga HTG, Hourly Task Guidelines), tingnan ang Abiso ng Impormasyon sa Lahat ng County (ACIN, All County Information Notice) Bilang I-82-17 (Disyembre 5, 2017), makikita online dito: <http://www.cdss.ca.gov/inforesources/2017-All-County-Information-Notices>

Pinapaalalahan ng mga HTG ang mga manggagawang panlipunan ng IHSS sa county upang tukuyin ang pagganap gamit ang mga antas at ibigay ang mga oras batay sa antas.

Unang Hakbang: Tukuyin ang Pagganap:

Dapat tukuyin ng manggagawang panlipunan ng IHSS kung gaano karaming tulong ang iyong kailangan para sa **bawat gawain sa IHSS**. Upang gawin ito, ginagamit nila ang mga HTG. Ang manggagawang panlipunan ng IHSS ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagtatasa ng iyong pagganap sa bawat isa sa mga sumusunod:

- Mga Serbisyong Pantahanan (Gawaing-bahay);
- Paglalaba;
- Pamimili at mga Bilin;
- Paghahanda ng Pagkain/Paglilinis ng Pagkain;
- Paglalakad (dating Pagkilos sa Loob);
- Pagligo, Kalinisan ng Bibig at Pag-aayos/Karaniwang Gawaing Kama Paligo (Pagligo at Pag-aayos);
- Pagbibihis/Mga Prostetik na Kagamitan (Pagbibihis);
- Pangangalaga sa Pagdumi at Pag-ihi;
- Paglilipat (Muling Pagpoposisyon);
- Pagkain;
- Paghinga;
- Alaala;
- Oryentasyon; at
- Pagpapasiya.

Ang mga antas ay maaaring sumaklaw mula 1 hanggang 5. Halimbawa, ang antas na 1 ay nangangahulugan na ikaw ay malaya at makukumpleto ang gawaing IHSS nang walang tulong at ang antas na 5 ay nangangahulugan na hindi mo kayang isagawa ang gawaing IHSS nang mayroon o walang tulong. Ang antas sa IHSS batay sa iyong pagganap ay ayon sa mga sumusunod:

Antas 1: Ikaw ay malaya - **kayang isagawa ang mga gawaing IHSS nang walang tulong.** Ang tumatanggap na may antas na “1” sa anumang pagganap ay hindi makakukuha ng oras para sa serbisyong iyon.

Antas 2: Kaya mong isagawa ang mga gawaing IHSS nang may **berbal na tulong**, tulad ng pagpapaalala, paggabay, o paghihikayat mula sa isang tagapagbigay ng IHSS.

Antas 3: Kaya mong isagawa ang mga gawaing IHSS nang may **kaunting tulong**, kabilang, ngunit hindi limitado sa, direktang pisikal na tulong mula sa isang tagapagbigay ng IHSS.

Antas 4: Kayang isagawa ang mga gawaing IHSS ngunit kapag may **makabuluhang tulong** lamang mula sa isang tagapagbigay ng IHSS.

Antas 5: **Hindi mo kayang isagawa ang isang gawaing IHSS**, nang mayroon o walang tulong mula sa isang tagapagbigay ng IHSS.

Kung ang iyong pagganap ay nagbabago sa kabuuan ng buwan, ang antas ng pagganap para sa bawat gawain ay dapat sumasalamain sa iyong pagganap batay sa iyong mga masasamang araw.

Hakbang 2: Gamitin ang mga Patnubay sa Oras ng Gawain upang I-Awtorisa ang Oras Batay sa Pagganap

Ang susunod na hakbang ay gumagamit ng mga HTG upang tukuyin kung gaano karaming oras ang maaaring i-awtorisa para sa bawat gawain. Hangarin ng mga patnubay na tulungan ang manggagawang panlipunan ng IHSS na tukuyin kung gaano karaming oras ang dapat ibigay para sa **bawat gawaing IHSS** kung saan kailangan mo ng tulong. Tinutulungan din ng mga patnubay ang mga manggagawang panlipunan sa pagtukoy kung kailan dapat gawin ang mga eksepsyon upang ang isang tumatanggap ng IHSS ay maaaring makakuha ng tamang dami ng tulong para sa bawat gawaing IHSS.

Halimbawa, para sa bawat gawaing IHSS na kailangan mo ng tulong, nagbibigay ang mga HTG ng saklaw ng oras (mababa hanggang mataas) para sa bawat

palatandaan ng antas ng pagganap. Sa gayon, kung ikaw ay natasa ng 2 sa gawain ng pagbibihis, mayroong saklaw ng oras na iyong maaaring makuha. Tandaan, ang mga HTG ay maaaring gamitin lamang kung naaangkop para sa pagtugon sa iyong indibiduwal na mga kalagayan. Nangangahulugan ito na kung makakukuha ka ng mas marami o mas kaunting oras kaysa sa sinasabi ng mga HTG na iyong makukuha, hangga't dinodokumento ng manggagawang panlipunan kung bakit kailangan mo ng mas marami o mas kaunting oras. Ang bahagi 3 ng patnubay na ito ay nagbibigay ng mga larawan tungkol sa kung kailan hindi naaangkop ang mga patnubay dahil sa indibiduwal na mga kalagayan.

- Talaan sa Talaarawan
 - Ang mahalagang bahagi sa paghahanda para sa isang pagtatasa o makatarungang pagdinig ay isang talaan ng talaarawan ng kung ano ang ginagawa bawat araw at kung gaano katagal ang bawat gawain. Ito ay dahil makakukuha ka ng oras na iyong kailangan para sa pagkumpleto ng bawat gawaing IHSS kung saan kailangan mo ng tulong. Bihirang nauunawaan ng mga tao ang lahat ng mga gawaing kasama sa pangangalaga at kung gaano katagal ginagawa ang mga gawain.
 - Halimbawa: para sa aksidente sa banyo, ang oras sa paglilinis (na bahagi ng pangangalaga sa pagdumi at pag-ihi) ay hindi lamang oras para sa paglilinis, ngunit pati na rin ang oras sa pagkuha ng mga panustos na panlinis at pagtatabi ng mga ito. Kung kasama ang mga likido ng katawan o pagdudumi, kailangan mong isama ang dagdag na oras para sa panlahat na mga pag-iingat. Kasama sa panlahat na mga pag-iingat ang paghuhugas ng kamay at paggamit ng guwantes o takip sa mukha sa tuwing hinahawakan mo ang mga likido ng katawan at dumi (ihi, tae, dugo, mga inilabas ng ari ng babae, tamod, nana, laway) o hinahawakan ang labada, damit, o ibang mga bagay na nadudumihan ng mga likido ng katawan.
 - Ang oras na iginugol sa isang gawain ay maaaring magbago bawat araw. Halimbawa, maaaring dalawang beses ang tagal sa isang araw upang bihisan ang isang taong may spastic quadriplegia cerebral palsy kaysa sa susunod na araw dahil sa mga pagkakaiba sa kakayahang gumalaw ng mga paa. Binabatay ng IHSS ang mga oras sa katampatan na oras, kaya mahalagang malaman ang saklaw ng oras na itatagal ng isang gawain.

- Minsan, maaaring hindi laging matukoy ng mga manggagawang lipunan sa IHSS kapag kailangan mo ng higit pang oras kaysa sa inirekomenda ng mga HTG. tandaan, **karapat-dapat ka sa oras na itatagal ng pagkumpleto ng bawat gawaing IHSS kung saan kailangan mo ng tulong**. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na sinusubaybayan mo at ng iyong tagapagbigay ang lahat ng mga serbisyo sa IHSS kung saan kailangan mo ng tulong at kung gaano karaming oras ang iyong kailangan para sa pagkumpleto ng bawat gawain. Inirerekomenda namin na gawin mo ito nang hindi bababa sa 2 linggo bago pumunta ang manggagawa ng county upang gawin ang unang pagtatasa o muling pagtatasa.
- Kung ang sunod na pagbisita ng manggagawa ng IHSS sa county ay para sa muling pagtatasa, repasuhin ang bilang ng mga oras na kasalukuyang awtorisado para sa partikular na mga gawain. Kung ang awtorisadong oras ay nasa labas ng saklaw para sa anumang gawain, maging handa na ipaliwanag kung bakit kailangan mo ng mas maraming oras (kaysa sa kung ano ang pinahihintulutan ng mga HTG) para sa pagkumpleto ng gawaing IHSS kung saan kailangan mo ng tulong.

Paano ko gagawin ang sarili kong pagtatasa?

Bago ang iyong pagtatasa o pagdinig sa bahay, kumpletuhin ang palatanungan ng IHSS sa Bahagi 2. Ang palatanungang ito ay makatutulong sa iyo na subaybayan kung gaano karaming oras ang iyong kailangan para sa bawat gawaing IHSS. Ang palatanungan, tulad ng pormularyo sa pagtatasa ng county, ay batay sa 1-linggong panahon maliban sa talaan para sa pantahanang mga serbisyo, na para sa 1 buwan. Kapag nadokumento mo kung gaano karaming oras ang iyong kailangan upang kumpletuhin ang bawat gawaing IHSS kung saan kailangan mo ng tulong sa isang linggo, maaari mong ikumpara sa mga HTG. Kung kailangan mo ng mas maraming oras kaysa sa kung ano ang inirerekomenda sa mga HTG, batay sa iyong pagganap, makakukuha ka ng mas maraming oras hangga't dinodokumento ng iyong manggagawang panlipunan (iyon ay, sinusulat ang dahilan kung bakit kailangan mo ng mas maraming oras sa iyong file ng kaso sa IHSS) kung bakit kailangan mo ng dagdag na oras.

Sa patnubay na ito, ginagamit namin ang mga oras at minuto na format ayon sa inilarawan sa ACIN Bilang I-82-17 (Disyembre 5, 2017) na makikita online dito: <http://www.cdss.ca.gov/inforesources/2017-All-County-Information-Notices> Ang iyong IHSS NOA ay nasa mga oras at minuto na format din.

Kung kailangan mo ng mas maraming oras sa IHSS kaysa sa saklaw sa mga HTG (tingnan ang link sa ACIN Bilang I-82-17 sa itaas), isulat ang mga dahilan kung bakit kailangan mo ng mas maraming oras. Upang tulungan ka, ang Bahagi 3 ng patnubay na ito ay isang listahan ng “Mga Salik o Dahilan Kung Bakit Kinakailangan ang Mas Maraming Oras sa IHSS” na nakita namin sa indibiduwal na mga kaso. Ang ilan sa mga dahiling ito ay maaaring naaangkop sa iyong kaso.

Paano ako maghahanda para sa pagtatasa ng county?

Ang layunin ng pagbisita sa tahanan ay upang malaman kung ano ang kaya o hindi mo kayang gawin para sa iyong sarili, anong mga serbisyo ang iyong kailangan, at ang oras na kailangan ng iyong tagapagbigay upang isagawa ang mga serbisyong iyon. Ang iyong trabaho ay tulungan ang manggagawa ng IHSS sa county na maunawaan ang lahat ng iyong mga pangangailangan sa pangangalaga at espesyal na pangangalaga at kung ano ang ibig sabihin ng mga ito sa oras. Mahalaga na maging tapat at bukas. Huwag mong maliitin ang iyong mga problema sa kapansanan at mga pangangailangan sa pangangalaga, dahil maaaring hindi mo makuha ang mga oras na iyong kailangan. Bagaman nahihiya ka, ipaliwanag ang mga bagay nang buo para maunawaan ng manggagawa ng county ang iyong sitwasyon.

Bago dumating ang manggagawa ng county, ihanda ang palatanungan sa IHSS sa Bahagi 2 sa mga oras na sa tingin mo ay iyong kailangan. Tandaan, i-aawtorisa ng county kung ano lang ang talagang kailangan at hindi magpapahintulot ng dagdag na oras para sa mga serbisyong “kaginhawaan.” Isang halimbawa ng serbisyong kaginhawaan ay dagdag na paglilinis ng alikabok upang mas mukhang maganda ang mga bagay.

Maging handa na ipaliwanag ang iyong mga oras sa palatanungan. Gumawa ng listahan upang hindi mo makakalimutan ang anumang bagay:

- anong mga gawain ang kailangan mo o ginagawa ng iyong tagapagbigay
- paano mo tinukoy kung gaano katagal ginagawa ang bawat isa (lalong mahalaga kung mayroong mga pagkakaiba sa pagitan ng kung ano ang

awtorisado ng county dati at kung ano ang sa tingin mo ang kailangan mo ngayon)

- kung bakit ang mga patnubay sa oras ng gawain ng estado ay hindi naaangkop para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga (maaaring hindi naaangkop sa iyong sitwasyon)
- Anong espesyal na mga salik ang kailangang isaalang-alang

Paano ko idodokumento ang mga espesyal na salik?

Humingi ng dokumentasyon sa iyong doktor tungkol sa iyong espesyal na mga pangangailangan. Mga halimbawa:

- isang tala na kailangan mo ng kapaligirang hindi maalikabok dahil sa iyong mga alerhiya o mga problema sa baga/paghinga
- isang tala na nagpapatunay ng mga problema sa pagdumi at pag-ihing
- isang tala tungkol sa iyong pangangailangan na palitan ang mga sapin sa higaan nang higit sa dalawang beses sa isang buwan

Ano ang mga serbisyong paramedical?

Ang mga serbisyong paramedical ay inireseta ng doktor para sa iyong kalusugan at nangangailangan ng ilang pagsasanay at pagpapasya upang isagawa. Ang karaniwang mga serbisyo ay mga iniksyon, colostomy, irrigation, pagpasok/pangangalaga ng catheter, paghigop, pagpapakain sa pamamagitan ng tubong G at NG, pangangalaga ng ventilator at oksihena, fecal impaction, saklaw ng paggalaw upang mapabuti ang pagganap, pangangalaga ng sugat/decubitous ulcer, at ibang mga serbisyo na nangangailangan ng isterilisdong mga pamamaraan. Humingi ng sapat na oras upang kumpletuhin ang buong serbisyo, mula sa paghahanda hanggang sa paglilinis. Minsan hindi humihingi ang mga tagapagbigay ng dagdag na oras na maaaring kinakailangan para sa pagpapanatili ng talaan – tulad ng para sa pagsusuri ng dyabetis at pagbibigay ng mga iniksyon.

Mahalaga ang mga serbisyong paramedical dahil ang mga taong nangangailangan ng kumplikadong medikal na pangangalaga ay maaaring manatili sa bahay sa halip na pumunta sa mga tahanang pangangalaga. Tanging ang mga doktor ang nagpapasya kung anong mga serbisyo ang dapat ibigay ng county at kung ilang oras ang dapat bayaran. Hindi maaaring bawasan ng county

ang mga oras na iniutos ng doktor. Hindi kailangan ng espesyal na lisensya ang mga tagapagbigay upang isagawa ang mga serbisyo.

Upang maging kwalipikado:

- Kukumpletuhin at pipirmahan ng doktor ang kautusan para sa mga serbisyo kasama ang kinakailangang mga oras: Magpapasya ang doktor sa mga kondisyon ng pagkakwalipikado sa pamamagitan ng pagpirma ng kautusan na nagrereseta ng mga serbisyo at oras. Maaaring ipadala ng county ang pormularyo sa iyong doktor. Sabihin sa tanggapan ng doktor na ito ay parating at maaari kang sumali at tumulong dito.
- Hindi mo kayang isagawa ang serbisyo kailanman: Ang ilang pangkaisipan o pisikal na kapansanan ay pumipigil sa iyo mula sa paggawa nito, tulad ng pagbibigay ng iniksyon o pagpapalit ng catheter.
- Ang serbisyo ay nangangailangan ng pagsasanay at pagpapasya upang isagawa: Kumukuha ang tagapagbigay ng pagsasanay mula sa doktor o ibang propesyunal ng kalusugan sa kung anong mga hakbang ang gagawin at kung paano ginagagawa ang bawat isa upang kumpletuhin ang serbisyo. Ang mga hakbang ay nangangailangan na maingat kang pagmasdan ng tagapagbigay upang maiwasan ang mga pagkakamali.

Ang pormularyo na paramedical, SOC 321, ay online dito:

<http://www.cdss.ca.gov/cdssweb/entres/forms/English/SOC321.pdf>

Gumagamit ang mga county ng maraming mga taktika upang tanggihan o baguhin ang mga serbisyong paramedical na inawtorisa ng doktor. Mayroong mga paraan upang pigilan ang mga ito mula sa paggana.

- Sasabihin sa iyo ng county na ang ilang serbisyo ay maaaring hindi pinahihintulutan bilang serbisyong paramedical. Tugon: Talakayin ang serbisyo kasama ng doktor. Ipaliwanag na anumang serbisyong isinisingil bilang dalubhasang pangangalaga sa ilalim ng Medi-Cal/Medicare ay kwalipikado. Sa pangkalahatan, alam ng doktor kung ano ang mga ito.
- Susubukan ng county na mapasang-ayon ang doktor na baguhin ang kautusan para sa mga serbisyo o oras. Tugon: Kumonsulta muna sa doktor at humingi ng pag-apruba ng mga oras batay sa iyong talaan, talakayin ang iyong mga kondisyon at pangangailangan upang mapanatili ang doktor-

pasyente na kaugnayan mula sa panlabas na panghihimasok. Ipaliwanag na ang pasya ng doktor sa nakapirmang Pormularyong SOC 321 ay wakas at dapat sumunod ang county.

- Mag-oobserba ang nars ng county ng isang araw at ibabatay ang mas mababang mga oras sa kaniyang mga obserbasyon at tatawag sa doktor. Tugon: Pinapakita ng talaan na nag-iiba ang oras; ang karampatang oras ay mas higit kaysa sa araw ng obserbasyon.
- Sasabihin ng county na magbibigay ang ahensiya sa pangkalusugana pantahanan, mag-apply muna doon. Tugon: Ang ahensiya sa pangkalusugang pantahanan ay hindi isang alternatibong mapagkukunan dahil ang ahensiya sa pangkalusugang pantahanan ay nagbibigay ng mga serbisyong limitado ang oras.
- Sinasabi ng county na ang saklaw ng paggalaw ay isang serbisyo sa personal na pangangalaga kung saan ang county ang magpapasya ng pagkakwalipikado at mga oras. Tugon: Kapag inireseta ng doktor ang saklaw ng paggalaw upang mapabuti at mapanatili rin ang pagganapat saka, ito ay isang serbisyong paramedical.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyong paramedical at mga payo tungkol sa kung paano ang mga ito makukuha, mangyaring basahin ang aming paglalathala tungkol sa paramedical, na makikita rito:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/the-ihss-program-covers-paramedical-services>

Ano ang pamamanihalang pamprotekta?

Ang pamamanihalang pamprotekta ay ang pagbabantay ng mga taong may malulubhang kapansanan sa kaisipan upang hindi nila saktan ang kanilang mga sarili habang nakatira sa bahay. Ang tagapagbigay ng IHSS ay maaaring bayaran upang bantayan ang tumatanggap ng IHSS upang pigilan ang mga pinsala o aksidente, kapag kailangan ng tao ng 24 oras na pamamanihala, at maaaring manatili sa bahay nang ligtas kung ito ay ibinibigay. Ang pamamanihalang pamprotekta ay mahalaga dahil ang mga tumatanggap ng IHSS ay maaaring makakuha ng malaking bilang ng buwanang mga oras – hindi bababa sa 195 para sa mga indibiduwal na may hindi malubhang kapansanan at 283 para sa mga taong may “malubhang kapansanan.” Ang mga tumatanggap

ng IHSS ay makakukuha ng pinakamataas (194 o 283) kahit pa binabawasan ng county ang mga oras para sa ilang ibang serbisyong IHSS.

Upang maging kwalipikado:

- Ang tao ay dapat magpakita ng malubhang kapansanan sa kaisipan; mahinang pagpapasiya (paggawa ng hindi mabuting mga desisyon tungkol sa kalusugan o kaligtasan), pagkagulo/pagkalito (paggala, pagkaligaw, pagkalito sa mga tao, araw o oras) o mahinang alaala (pagkalimot sa pagsimula o pagtatapos ng isang bagay). Ang naturang mga kapansanan ay maaaring mangyari sa intelektuwal na kapansanan, autism, demensya, at sikyatrikong mga kapansanan.
- Ang tao ay dapat nasa panganib na masaktan kung iniwang mag-isa sa bahay (paggala sa labas ng bahay, pagpapapasok ng mga hindi kilalang tao, pagsindi ng lutuan, pagsindi ng apoy, pagkain ng maling mga pagkain o mga hindi nakakain, pag-uuntog ng ulo, pagkagat sa sarili, pagkakalmot, paggamit ng kutsilyo o ibang matatalim na mga bagay sa sambahayan).
- Ay tao ay dapat pamamanihalaan nang 24-oras kada araw (mga kaibigan o kamag-anak na nakatira sa bahay, mga guro sa paaralan o pang-araw na programa, at mga drayber ng kotse o bus).

Maaaring magpadala ang county sa gumagamot na doktor ng pormularyo na humihingi ng impormasyon tungkol sa kalagayan ng kaisipan ng tumatanggap kung ang tao ay maaaring nangangailangan ng pamamanihalang pamprotekta. Sabihin sa tanggapan ng doktor na ito ay parating upang matulungan mo ang doktor sa pagkumpleto ng pormularyo. Maaari mo ring i-download ang pormularyo at ipakumpleto ng doktor. Ang pormularyo ay nandito:

<http://www.cdss.ca.gov/cdssweb/entres/forms/English/SOC821.PDF>

Paano tinatasa ang mga bata para sa pamamanihalang pamprotekta?

Ipinapahayag ng Sulat sa Lahat ng County (ACL, All County Letter) 15-25, pahina 6, na dapat sumunod ang county sa 4-na-hakbang na proseso sa pagtukoy sa pagkwalipikado para sa pamamanihalang pamprotekta. Dapat tukuyin nito:

- 1) Ang menor de edad ba ay hindi napapatnubayan ang sarili dahil sa kapansan sa kaisipan/sakit sa pag-iisip?
- 2) Kung ang menor de edad ay may kapansanan sa kaisipan/may sakit sa pag-iisip at hindi napapatnubayan ang sarili, siya ba ay malamang na masangkot sa potensyal na mapanganib na mga aktibidad?
- 3) Kailangan din ba niya ng **“higit pang pamamanihala”** kaysa sa isang menor de edad na katulad niya ng edad na walang kapansanan sa kaisipan/sakit sa pag-iisip alinsunod sa kautusan ng korte sa *Garrett v. Anderson*? **“Higit pang pamamanihala” ay maaaring mas maraming oras, o higit pang katindihan, o pareho.** Ang dagdag na pamamanihalang kinakailangan ay dapat makabuluhang higit kaysa sa karaniwang pangangalaga ng bata, at hindi lamang kaugnay sa mga limitasyon sa pagganap ng bata, ngunit nagpapahintulot din sa bata na manatiling ligtas sa kanilang sariling bahay sa ganitong tulong. Halimbawa, ang batang walang kapansanan ay makikikilala ang sakit at ihihinto ang mapahamak na pag-uugali. Ang batang may kapansanan sa kaisipan ay maaaring hindi makikilala ang sakit at patuloy na ipapahamak ang sarili hanggang muling mapatnubayan. Maaaring kinakailangan ang higit pang pamamanihala dahil mayroong patuloy na pangangailangan para sa mas matininding pamamanihala (iyon ay, pagbabantay sa bata) at patuloy na pangangailangan para sa muling pagpapatnubay upang maiwasan ang pinsala.
- 4) Kung ang “higit pang pamamanihala” ay kinakailangan, kailangan ba ng 24 na-oras-kada-araw na pamamanihala upang manatiling ligtas ang menor de edad sa bahay?

Makikita mo ang ACL 15-25 online sa:

<https://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/EntRes/getinfo/acl/2015/15-25.pdf>

Kabilang sa ibang mga ACL tungkol sa pamamanihalang pamprotekta ang:

ACL 98-87 online sa:

<https://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/entres/getinfo/acl98/98-87.PDF> at,

ACL 17-95 online sa: <https://www.cdss.ca.gov/Portals/9/ACL/2017/17-95.pdf?ver=2017-09-14-113431-017>.

Ano ang gagawin ko sa mga pagtanggì ng pamamanihalang pamprotekta?

Maraming pangkaraniwang dahilan ang mga county upang sabihin sa isang tao na sila ay hindi kwalipikado. Narito ang isang listahan at ilang mga paraan upang sagutin ang mga ito.

Mayroon bang malubhang kapansanan sa kaisipan?

- Dahilan ng County: Hindi nakita sa pagbisita sa bahay ang malulubhang kapansanan sa kaisipan. Tugon: Ang iyong pang-araw-araw na talaan, pahayag ng doktor, talaan ng rehiyunal na sentro; masyadong maikli ang pagbisita sa bahay, inobserbahan ang pag-uugali at hindi sumagot ng mga katanungan sa mga patnubay; ipinapakita ng dokumento sa pagtatasa ng county ang malubhang kapansanan sa kaisipan.
- Dahilan ng County: Nangangailangan ng pamamanihalang pamprotekta dahil sa pisikal na kapansanan, hindi kapansanan sa kaisipan. Tugon: Dahil sa kapansanan sa kaisipan, hindi nakakaunawa ng pisikal na mga kapansanan, hindi nakakaunawa o napahahalagahan ang mga kahihinatnan ng mga kilos sa pisikal na mga kapansanan (sinusubukang tumayo o maglakad nang walang tulong kung hindi kayang gawin nang walang panganib ng pinsala, kakain ng mga matatamis kahit pa may panganib ng pinsala dahil sa dyabetis, susubukang tanggalin ang bendahe o tubo o tukod dahil ito ay masakit o nakakainis, atbp.)
- Dahilan ng County: Ang mga pisikal na kapansanan ay nagsasanhi sa mapanganib na pag-uugali. Tugon: Ang mga kapansanan sa kaisipan ay nagsasanhi rin nito; hindi kinakailangang ipakita na ang kaisipan ang tanging sanhi.

Mayroon bang mapanganib na pag-uugali sa bahay?

- Dahilan ng County: Hindi nagpapatunay ng pangangailangan ang pormal na dyagnosis sa kondisyon ng kaisipan. Tugon: Pahayag ng doktor ng tipikal na pag-uugali para sa taong may ganoong dyagnosis.
- Dahilan ng County: Walang mga pinsala kamakailan. Tugon: Ang tumatanggap ay maayos na pinamamanihalaan.
- Dahilan ng County: Walang katibayan ng mapanganib na pag-uugali sa panahon ng pagbisita sa bahay ng manggagawa ng county. Tugon: Hindi oras-oras ang dalas; pinalampas na araw bago at pagkatapos; hindi

maaaring magbigay ng tuntuning panlahat mula 1 oras hanggang 24 na oras sa isang araw.

- Dahilan ng County: Hinahadlangan ng "kumpletong" pisikal na paralisis ang tumatanggap na gumawa ng kahit ano. Tugon: Anumang mapakay na kilos na mapanganib, pagbunot ng catheter, G-tube, atbp.
- Dahilan ng County: Agresibo at ayaw makisama kung hinahampas ang isang tao o naninira ng ari-arian. Tugon: Sa mga nasa wastong gulang: mga kilos na pumipinsala sa sarili tulad ng pagkagat ng sarili, pag-untog ng ulo, pagsira ng ari-arian na nagsasanhi ng pinsala sa sarili, ay karaniwan para sa sikyatriko o pangkaisipang kondisyon. Sa mga bata: ang karaniwang pag-uugali ay madalas agresibo at ayaw makisama.

Kinakailangan at nakatatanggap ba ng 24-na-oras na pamamanihala?

- Dahilan ng County: Hindi kailangan ng 24-na-oras na pamamanihala dahil hindi pinamamanihalaan kung minsan – tulad ng sa bus, sa kotse. Tugon: Laging pinamamanihalaan, ang bus/kotse ay kontroladong mga kapaligiran kasama ng nasa wastong gulang na drayber.
- Dahilan ng County: Ang tumatanggap ay minsan iniwang mag-isa kaya hindi pinamamanihalaan nang 24 na oras. Tugon: Hindi kayang bayaran ito, may taong tumitingin, suwerte na walang mga aksidente, lumalala ang kondisyon ng tumatanggap.
- Dahilan ng County: Kailangan ng pisikal na muling pamatnubay, hindi lang pagbabantay o pasalitang utos. Tugon: Kasama sa pamamanihala ang muling pamatnubay, ilang pamamagitan.
- Dahilan ng County: Ang pamilya ay hindi hinihikayat ang pagiging malaya at labis na nagpoprotekta sa taong may banayad na kapansanan sa kaisipan. Tugon: Ang dagdag na kalayaan ay nagsanhi ng mga pinsala o muntikang mga aksidente sa nakaraan; inirerekomenda ng mga iba (rehiyunal na sentro na doktor) ang 24-na-oras na pamamanihala.
- Dahilan ng County: Baguhin ang kapaligiran upang matanggal ang mga panganib: tanggalin ang mga hawakan ng lutuan, ikandado ang mga gamit; isuhay ang wheelchair, itali ang tao sa wheelchair; tanggalin ang mga hawakan sa mainit na tubig; mas mataas na baranda ng kama laban sa

paggala sa gabi; itrangka ang mga kasangkapan. Tugon: Hindi kayang gawin ang lahat ng mga pagbabago; ang iba ay binabago ang bahay sa tahanan ng pangangalaga o kulungan; kung mas matanda ang tumatanggap, mas kaunting pagbabago ang posible nang hindi nawawala ang natatanging mga tampok ng bahay.

- Dahilan ng County: Naglalaro ang bata sa labas nang walang pamamanihala ng nasa wastong gulang. Tugon: Nakabakod na bakuran; hindi nakaka-akyat palabas; walang mga panganib sa bakuran
- Dahilan ng County: Ang mga bata ay laging kailangang pinamamanihalaan ng isang nasa wastong gulang. Tugon: Ang mga magulang ay hindi laging pisikal na nakikita ng mga batang walang kapansanan sa kaisipan; kailangan ng bata ng higit pang pamamanihala kaysa sa batang may parehong edad. Kung mas bata ang bata, mas malubha marahil ang pag-uugali. Pinakamahirap para sa mga batang wala pang 2 taong gulang.
- Dahilan ng County: Pumunta sa isang klase para sa mga magulang tungkol sa pag-uugali. Tugon: Hindi nakalulutas ng pinagbabatayang pag-uugali, pumunta na at hindi naging matagumpay, pupunta ngunit kailangan ito hanggang napatunayan.

Hindi na ba kwalipikado ang tumatanggap?

Dahilan ng County: Hindi wastong ipinagkaloob ng county ang pamamanihalang pamprotekta; ipinapakita ng muling pagtatasa na walang abiso sa pagwakas ng pagiging kwalipikado. Tugon: Walang pagbabago sa SOC 293, Linya H, sa mga antas ng pagganap ng kaisipan; walang pagbabago sa bahay o pisikal na kondisyon ng tumatanggap, kaagad na umapela upang panatilihin ang IHSS hanggang sa pasya. Ang pormularyong ito ay nakapaloob sa iyong file sa IHSS. Maaari mong hilingin sa county na bigyan ka ng kopya ng pormularyong ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pamamanihalang pamprotekta at mga payo tungkol sa kung paano kumuha nito, mangyaring basahin ang aming paglalathala na Pamamanihalang Pamprotekta, na makikita rito:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/in-home-supportive-services-protective-supervision>

Makakukuha ba ang mga taong may mga sikyatrikong kapansanan ng IHSS?

Oo. Ang IHSS ay hindi lamang para sa mga taong may pisikal o pagsulong na mga kapansanan. Kung ikaw ay may sikyatrikong kapansanan, maaaring kwalipikado ka kung kailangan mo ng tulong upang tumira sa iyong sariling bahay o sa bahay ng ibang tao. Maaaring kabilang sa “bahay” ang apartment na pinagsasaluhan kasama ng ibang mga tao o kuwarto sa hotel. Hindi ka kwalipikado para sa IHSS o mga serbisyo sa personal na pangangalaga kung nakatira ka sa kasera at pangangalaga o pantahanang pasilidad. Gayunpaman, ang mga serbisyong ito ay maaaring makatulong sa iyo na lumipat mula sa kasera at pangangalaga sa iyong sariling apartment o kuwarto sa hotel.

Narito ang ilan sa mga dahilan kung bakit maaaring kailangan mo ng IHSS upang tumira sa iyong sariling bahay o sa bahay ng kamag-anak o kaibigan:

- Kailangan mo ng “mga udyok” upang bumangon sa umaga at gawin ang mga gawain tulad ng pagligo, pag-aayos, pagbibihis, pag-inom ng gamot, pagkain. Ang mga udyok at tulong sa pagkakasunod-sunod ay mga terminong naglalarawan ng tulong na kailangan ng tao sa pagsimula ng gawain at sa paggawa ng isang hakbang tungo sa isa pa. Dahil sa iyong kapansanan o mga pangalawang epekto ng medikasyon, maaaring hindi mo kayang gawin ito nang walang ibang taong kasama upang patnubayan ka sa buong proseso.
- Katulad din na kailangan mo ng “mga udyok” upang tulungan kang gawin ang mga gawaing humahantong sa pagpunta sa kama sa gabi.
- Ang paghahanda ng mga pagkain kung saan maaaring hindi kayang gawin ng isang tao nang palagi at ligtas nang nag-iisa.
- Mga paalala na kumain at uminom ng tubig.
- Mamili, maglinis, maglaba, at magplano ng pagkain.
- Ang pangangailangan para sa pagsusubaybay at pamamagitan bilang “pamamanihalang pamprotekta” dahil maaaring nakikita mo ang hindi nakapipinsala, kaaya-ayang sitwasyon bilang isang personal na nagbabanta at isang sa tingin mo ay nangangailangan ng tugon na maaaring magsanhi sa pinsala sa sarili. Sa naturang kaso, maaaring kailangan mo na maibaling o mailihis ang iyong atensyon, ng tulong upang tingnan kung walang pagbabanta, o ng pagkilos upang maiwasan ang pinsala.

Ang mga manggagawa mula sa county na nagpoproseso ng mga aplikasyon para sa IHSS ay madalas na nagtatrabaho kasama ng mga taong may pisikal na mga kapansanan (na gumagamit ng wheelchair o hindi kayang gawin ang mga bagay dahil sa malubhang arthritis) o mga kapansanan sa pag-iisip (may intelektuwal na kapansanan o demensya). Hindi sila sanay sa mga aplikasyon mula sa mga taong may sikyatrikong mga kapansanan. Nangangahulugan ito na ang manggagawa ng county ay kailangan ng dagdag na tulong mula sa iyo at sa mga taong tumutulong sa iyo upang maunawaan kung bakit kailangan ng tulong ng pangangalaga ng katulong sa iyong bahay. Kailangan mo ng sulat mula sa iyong sikyatriska, sikologo, manggagawang lipunan sa klinik na pinupuntahan mo, o sa iyong tagapangasiwa ng kaso (o sino pa na tumutulong sa iyo at alam ang iyong mga pangangailangan). Dapat ipinapaliwanag ng sulat:

- Ang mga bagay kung saan kailangan mo ng tulong at ang uri ng tulong na iyong kailangan.
- Bakit kailangan mo ng tulong na iyon dahil sa iyong kapansanan. Halimbawa, maaari nilang ipaliwanag na ang iyong medikasyon dagdag ang iyong kapansanan ay nagpapahirap sa iyo na bumangon sa oras at gawin ang lahat ng ibang mga hakbang sa umaga nang walang tulong.
- Kung paano ang hindi pagkuha ng tulong na iyong kailangan ay maaaring mangahulugan na hindi mo kayang magpatuloy na manirahan nang nag-iisa sa iyong sariling bahay o kuwarto sa hotel o apartment.
- Kung paano ang hindi pagkuha ng tulong na iyong kailangan ay maaaring magpalala ng iyong kondisyon. Halimbawa, kung walang tulong sa pagbangon bawat araw at pagpapanatiling maayos ng iyong apartment, ang iyong pang-araw-araw na buhay ay maaaring maging magulo at magdulot sa iyo ng krisis. Kung walang tulong sa pagbigay ng istraktura at ayos sa iyong buhay, ikaw ay nasa panganib ng krisis na maaaring mangahulugan na pagbisita sa silid ng emerhensiya.

Maaari bang makakuha ng IHSS ang mga bata?

Oo. Ang mga bata ay makakukuha ng:

- Mga serbisyo sa personal na pangangalaga (pagligo, pagbabanyo, pagbibihis, pagkain, tulong sa paglilipat, atbp.).
- Kaugnay na mga serbisyo (paghahanda ng pagkain, pagplano at paglilinis, paglalaba, pamimili ng pagkain).

- Mga serbisyong paramedical (kung inireseta ng doktor – mga iniksyon, catheter, pagkain gamit ang tubo, paghigop).
- Pamamanihalang pamprotekta (24-na-oras na pagsusubaybay at pamamanihala upang maiwasan ang pinsala)
 - Hindi karaniwang pangangalaga ng bata o pamamanihala
 - Dapat magpakita ng pagkakaiba sa pagitan ng batang may kapansanan at ibang mga batang nasa parehong edad.
- Hindi maaaring makakuha ang mga bata ng mga Serbisyong Pantahanan

Maaari bang maging tagapagbigay ang aking mga magulang?

Oo. Kung ikaw ay nasa wastong gulang, maaaring maging tagapagbigay ang isang magulang nang walang mga paghihigpit.

Maaari bang maging tagapagbigay ng IHSS ng bata ang magulang ng isang menor de edad?

Kung mayroon kang menor de edad na tumatanggap ng IHSS, maaari kang maging magulang na tagapagbigay kung:

- Titigil ka sa iyong trabaho o hindi makakuha ng trabaho dahil kailangan mong alagaan ang iyong anak, at
- walang ibang angkop na tagapagbigay ng pangangalaga na makukuha (gusto at kaya) at
- ang iyong anak ay nasa panganib ng pagtatalaga sa-labas-ng-bahay o hindi sapat na pangangalaga.

Kung ang parehong mga magulang ay nakatira sa bahay, ang isang magulang ay maaaring bayaran kapag ang isa pang magulang ay nagtatrabaho, nasa paaralan, natutulog, o may kapansanan. Makakukuha rin ang iyong anak ng 8 oras kada linggo na pahinga (mula sa tagapagbigay na hindi magulang) kapag ikaw ay namimili, nilalakad ang mga bilin, o gumagawa ng ibang mga bagay para sa pamilya.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang “Paglilinaw ng mga Regulasyon Tungkol sa mga Menor de Edad na Tumatanggap na Nakatira Kasama ng (mga) Magulang,” ACL 19-02 (Enero 9, 2019) dito:

<http://www.cdss.ca.gov/inforesources/2019-All-County-Letters>

Maaaring gusto mo ring tingnan ang ACL 15-45 na may “Mga Tanong at Sagot Tungkol sa mga Menor de Edad na Nakatira Kasama ng (mga) Magulang” sa: <http://www.cdss.ca.gov/lettersnotices/EntRes/getinfo/acl/2015/15-45.pdf>.

Ano ang gagawin ko sa mga pagtangga ng tagapagbigay na magulang sa IHSS?

Kwalipikado ba ang magulang na maging tagapagbigay (kaya at naririyang)?

Dahilan ng County: Ang magulang ay maaaring magtrabaho nang full-time (40 oras kada linggo) sa pamamagitan ng pagdala ng bata sa daycare pagkatapos ng pasok sa paaralan. Tugon: Walang angkop na pang-araw na pangangalaga, hindi makakukuha ng babysitter sa pinakamababang sahod, kailangan ng bata ng espesyal na pagpapasigla mula sa magulang.

Dahilan ng County: Ang magulang ay nagtatrabaho ng mas kaunti sa 40 oras ngunit maaaring magtrabaho nang full-time. Tugon: Ang madalas na pagpunta sa doktor, ibang mga emerhensiya, o stress ay pumipigil sa full-time na pagtrabaho, nawalan ng dating full-time na mga trabaho.

Maaapektuhan ba ng mga kinikita ng magulang sa IHSS ang mga benepisyo ng menor de edad sa SSI?

Ang mga kinikita sa IHSS ng magulang ng menor de edad na kanilang binibigyan ng IHSS ay hindi makaaapekto sa halaga ng kabayaran sa SSI ng batang iyon. Gayunpaman, ang ibang kita na tinatanggap ng magulang ay maaaring makaapekto sa halaga ng kabayaran sa SSI ng bata.

Makakukuha ba ako ng IHSS at makakukuha rin ng pahinga mula sa rehiyunal na sentro?

Oo. Ang mga serbisyo sa pahinga mula sa rehiyunal na sentro ay iba mula sa IHSS. Dapat makatanggap ka ng IHSS, kabilang ang pamamanihalang pamprotekta nang hindi nawawala ang anumang mga oras ng pahinga. Tumawag sa Disability Right California kung sinusubukang bawasan ng rehiyunal na sentro ang iyong pahinga dahil tumatanggap ka ng IHSS.

Maaari bang maging aking tagapagbigay ang aking asawa?

Oo. Para sa mga hindi-medikal na personal na mga serbisyo (tingnan ang kategorya 4 sa pormularyo ng palatanungan) mga serbisyong paramedical, ang iyong asawa o sino pa man ay maaaring maging binabayarang tagapagbigay ng IHSS. Para sa pamamanihalang pamprotekta, ang iyong asawa ay maaaring maging iyong tagapagbigay kung:

- ang iyong asawa ay aalis sa full-time na trabaho; o
- pinipigilang makakuha ng full-time na trabaho dahil walang ibang angkop na tagapagbigay ang makukuha; at
- bilang resulta, mayroong panganib ng hindi angkop, labas-sa-bahay na pagtatalaga o hindi sapat na pangangalaga.

Kung hindi kaya o wala ang iyong asawa, ang mga ito at ibang mga serbisyo sa IHSS ay maaaring ibigay ng iba. Kasama sa “wala” ang oras kapag ang asawa ay nasa labas ng bahay dahil sa trabaho o para sa ibang mga kinakailangang dahilan, o kapag ang asawa ay natutulog o tumutugon sa mga pangangailangan ng ibang mga miyembro ng pamilya.

Paano ako makakukuha ng 283 oras sa IHSS na buwanang pinakamataas na bilang ng oras?

Ikaw ay dapat “may malubhang kapansanan” at kumukuha ng pamamanihalang pamprotekta o, ikaw ay dapat nangangailangan ng hindi bababa sa 283 oras kada buwan ng mga serbisyong IHSS (hindi kasama ang pamamanihalang pamprotekta). Upang matukoy kung kwalipikado ka bilang “may malubhang kapansanan” na tumatanggap, pagsamahin ang “pangunahing” serbisyo na mga kategorya na tinatakan ng asterisk (*) sa palatanungan, sa Bahagi 2. Kung makabuo sila ng 20 oras o higit pa kada linggo, kwalipikado ka bilang may malubhang kapansanan.

Kung kwalipikado ka para sa pamamanihalang pamprotekta, makatatanggap ka ng 283 oras kung ikaw ay may “malubhang kapansanan.” Kung hindi ka kwalipikado para sa pamamanihalang pamprotekta, makatatanggap ka ng 283 oras kung ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga ay makabuo ng halagang ito kada buwan.

Kung kwalipikado ka para sa pamamanihalang pamprotekta, ang iyong mga oras ay hindi bababa sa 195 kada buwan kung ikaw ay walang malubhang

kapansanan. Ang kabuuang bilang ng oras na iyong matatanggap ay magdedepende sa pagtatasa ng county at kung aling programa sa IHSS ka. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa aling programa sa IHSS ka, kausapin muna ang iyong manggagawa ng county. Kung mayroon kang mga alalahanin o katanungan pagkatapos makipag-usap sa iyong manggagawa sa county, maaari kang tumawag sa linya ng pagpasok ng DRC sa 1-800-776-5746. Kung hindi ka sang-ayon sa mga oras sa IHSS, dapat kang umapela at humiling ng makatarungang pagdinig.

Kailan ako hihiling ng makatarungang pagdinig?

Kung binabawasan ng county ang iyong mga oras o inihinto ang iyong IHSS, dapat kang humiling ng makatarungang pagdinig bago magkabisa ang pagbabawas sa iyong IHSS NOA. Kung hihiling ka ng pagdinig bago dapat mangyari ang pagbabago sa iyong IHSS NOA, patuloy kang makatanggap ng lahat ng iyong mga oras hanggang matapos ang pagdinig. Sasabihin sa iyo sa unang pahina ng iyong IHSS NOA kung kailan magkakabisa ang IHSS NOA. Kung hindi ka makatanggap ng IHSS NOA o magkakabisa ang iyong NOA nang mas mababa sa 10 araw mula sa pagkatanggap nito, dapat kang kaagad na humiling ng pagdinig at bayad na tulong habang naghihintay ng pagdinig. Kapag humihiling ng pagdinig, kakailanganin mong ipaliwanag na hindi mo natanggap ang IHSS NOA o natanggap mo ang IHSS NOA nang huli. Kung tinanggihan ng county ang iyong aplikasyon sa IHSS o kahilingan sa dagdag na oras, dapat kang umapela sa loob ng 90 araw.

Paano ako hihiling ng pagdinig?

Maaari kang humiling ng pagdinig online, sa pamamagitan ng tawag sa telepono, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng fax.

[Mag-click dito upang humiling ng pagdinig online](#)

Humiling ng pagdinig sa pamamagitan ng tawag sa telepono

Tumawag sa Sangay sa mga Pagdinig ng Estado (State Hearings Division) lib्रेng tawag
(800) 743-8525 o (855) 795-0634

Pampublikong Pagtatanong at Tugon (Public Inquiry and Response) lib्रेng tawag
(800) 952-5253 o TDD (800) 952-8349

Humiling ng pagdinig sa pamamagitan ng sulat:

Isumite ang iyong kahilingan sa sangay sa kapakanan ng county sa address sa abiso ng aksyon o sa pamamagitan ng koreo sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division

P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, California 94244-2430

I-fax ang kahilingan ng pagdinig sa (833) 281-0905

Kung kailangan mo ng tagapagsalin o kung kailangan mo ng tagapagsalin para sa isang taong tetestigo (tulad ng iyong tagapagbigay sa IHSS), isama ito sa iyong kahilingan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagdinig, mag-click dito upang bumisita sa [website ng Sangay sa mga Pagdinig ng Estado](#).

Paano ako makakukuha ng impormasyon para sa aking pagdinig?

Magtipon ng impormasyon tungkol sa kung paano tinutukoy ng manggagawa ng IHSS sa county ang mga oras na awtorisado sa iyo.

- Makipag-appointment upang pumunta sa iyong tanggapan ng IHSS upang suriin ang iyong file ng kaso sa IHSS.
- Humingi sa iyong manggagawa ng kopya ng pinakahuling mga pormularyo ng “pagtatasa ng pangangailangan”. Ang mga pormularyong ito ng county ay maglalaman ng mga tala tungkol sa kung bakit ibinigay o hindi ibinigay ang mga oras. Humingi rin ng kopya ng pinakahuling pormularyo ng SOC 293. Ang mga pormularyo ng SOC 293 ay naglalaman ng impormasyon tungkol sa antas ng pagganap tungkol sa kung ano ang kaya o hindi mo kayang gawin. Kung hinahamon mo ang pagbabawas, humingi ng mga kopya ng iyong parehong bago at lumang mga pormularyo ng pagtatasa ng county at iyong bago at lumang mga pormularyo ng SOC 293.
- Humingi ng kopya ng mga papel sa iyong file kung saan sinulat ang mga tala tungkol sa mga pakikipag-ugnayan at pagbisita sa iyo sa nakaraang taon.
- Humingi ng kopya ng mga patnubay ng oras ng gawain ng County.
- Humingi ng mga kopya ng anumang mga ulat ng doktor o medikal sa iyong file at mga kopya ng anumang mga pormularyo na paramedical.
- Kung binawasan ng IHSS ang iyong mga oras, humingi sa iyong manggagawa ng mga kopya ng mga regulasyong nakalista sa iyong abiso ng pagbabawas.

Paano kung hindi ibibigay sa akin ng manggagawa ng county ang mga kopya mula sa aking file?

Sabihin sa manggagawa na mayroon kang karapatan na suriinang iyong file, na nangangahulugan din na binibigyan ka ng county ng mga kopya ng mga dokumento. Maaari mong bigyan ang manggagawa ng kopy ng [ACL 18-52](#) na tinatawag na “Paglalabas ng mga Talaan ng Kaso sa mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS, In-Home Supportive Services) sa Aplikante/Tumatanggap o Awtorisadong Kinatawan” (Mayo 9, 2018). Nilalaman ng sulat na ito ang mga batas at regulasyon tungkol sa iyong file at mga tagubilin sa mga county.

Saan ko makikita ang mga batas tungkol sa IHSS?

Ang mga regulasyon sa IHSS ay nasa Manwal ng Patakaran at mga Pamamaraan ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services), Sangay 30. [Mag-click dito para sa mga regulasyon sa IHSS.](#) Mayroong 4 na tala para sa Sangay 30 na mga regulasyon. Laktawan ang unang tala. Ang mga regulasyon sa IHSS ay nagsisimula humigit-kumulang 5 pahina sa loob ng ikalawang tala, nagpapatuloy sa buong ikatlong tala, at natatapos sa ika-apat na tala.

Ang mga sulat sa lahat ng county ay mga kautusan na ipinapadala ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng estado sa mga county. Saklaw ng mga sulat ang maraming mga programa. lilan lamang ang tungkol sa IHSS. [Mag-click dito para sa Mga Sulat sa Lahat ng County.](#)

Ang mga abiso ng impormasyon sa lahat ng county ay mga anunsyo na ipinapadala ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng estado sa mga county. Saklaw ng mga abiso ang maraming mga programa. lilan lamang ang tungkol sa IHSS. [Mag-click dito para sa Mga Abiso ng Impormasyon sa Lahat ng County.](#)

Ano ang mangyayari pagkatapos kong magsampa ng pagdinig?

Pagkatapos mong magsampa ng apela, magpapadala ang estado sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pagdinig. Kasama sa impormasyon ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng manggagawa sa mga apela ng county. Ang manggagawa sa mga apela ng county ay ang taong kakatawan sa county sa pagdinig. Ang iyong file sa IHSS ay maaaring nasa tanggapaning iyon. Sinusubukan ng maraming mga manggagawa sa mga apela na lutasin ang pagtatalo nang walang pagdinig. Ang mga manggagawa sa apela ay madalas mas sanay at kabisado kaysa sa mga taong nakakausap mo sa tanggapan ng IHSS.

Maaaring tawagan ka ng manggagawa sa mga apela tungkol sa “pasubaling pag-atras” upang ang bagong pagtatasa ay maaaring isagawa. Kung sasang-ayon ka sa pasubaling pag-atras ng iyong kahilingan sa pagdinig (apela), hindi mo kakailanganing pumunta sa iyong pagdinig. Kailangang gumawa ang county ng isang bagay (halimbawa, kumpletuhin ang bagong pagtatasa), na siyang kondisyon ng iyong pag-atras mula sa pagdinig. Gagawin ito ng county sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng dokumentong tinatawag na pormularyo sa

pasubaling pag-atras. Dapat mong tiyakin na natanggap, nasuri, naunawaan, at sumang-ayon ka sa iyong pormularyo ng pasubaling pag-atras bago ka pumirma (sumang-ayon) na umatras sa iyong kahilingan sa pagdinig. Karamihan sa mga county ay sasang-ayon na ibigay ang iyong dokumento sa pasubaling pag-atras sa pamamagitan ng e-mail kung hihilingin mo. Maaari mong ipatakda muli ang pagdinig kung hindi ka sumang-ayon sa bagong pagtatasa o hindi i-awtorisa ng county ang mga benepisyong may bisa sa nakaraan.

Makakuha ba ako ng kopya ng katibayan ng county bago ang pagdinig?

Oo. Ikaw ay karapat-dapat sa pahayag ng posisyon ng county nang hindi baba sa 2 araw ng negosyo bago ang pagdinig. Halimbawa, kung ang iyong pagdinig ay sa Biyernes, ikaw ay karapat-dapat sa pahayag ng posisyon sa umaga ng Miyerkules. Wala sa mga panuntunan na pumipigil sa county na ibigay ito sa iyo nang mas maaga kung mayroon na. Maaari mo ring tingnan ang iyong file anumang oras kung mayroon man o wala kang nakabinbing pagdinig, ayon sa nabanggit sa itaas. Ang pahayag ng posisyon ng county ay makatutulong sa iyo na tukuyin ang ibang mga katibayan at saksi na iyong kailangan. Kung hindi ka makakuha ng kopya hanggang bago ang pagdinig, maaari kang humiling na “iwanang bukas ang talaan” upang magsumite ng karagdagang katibayan (tulad ng mga sulat o pahayag) upang tumugon sa anumang pahayag ng posisyon ng county. Kung makukuha mo sa oras ang pahayag ng posisyon ng county, maaari ka pa ring humiling na iwanang bukas ang talaan ng pagdinig upang makapagsumite ka ng dagdag na katibayan.

Ano ang mangyayari sa pagdinig?

Mauuna ang county at sasabihin kung bakit ang iyong oras ay binawasan o bakit hindi ka dapat magkaroon ng dagdag na mga oras na sa tingin mo ay iyong kailangan. Kung binawasan ng county ang iyong mga oras o tinanggal ang isang serbisyo (tulad ng pamamanihalang pamprotekta), responsibilidad ng county ang pagpapakita kung paano ka bumuti o kung paano ang nagbagong kalagayan sa pamumuhay ay nangangahulugan na kailangan mo ng mas kaunting oras.

Ikaw at ang county ay maaaring magpakita ng katibayan (pahayag ng mga saksi, sulat, talaan sa talaarawan, medikal na ulat) tungkol sa iyong mga pangangailangan sa bawat larangan ng kategorya ng serbisyo kung saan ikaw at ang county ay hindi nagkasundo. Dapat ipaliwanag ng iyong katibayan:

- kung anong mga serbisyo ang iyong kailangan
- gaano katagal upang ibigay ang mga serbisyo
- ang dahilan kung bakit mo kailangan ng higit pang oras kaysa sa itinakda sa pagtatasa o mga patnubay, at
- anong mga panganib na maaari kang malantad kung hindi mo makukuha ang ganoong antas ng mga serbisyo.

Ang mga pagdinig sa IHSS ay impormal. Nakaupo ka sa mesa at hindi sa silid ng korte. Ang mahalagang bagay ay maipaliwang kung bakit kailangan ng mas maraming oras. Ang pinakamainam na katibayan ay mula sa taong nagbibigay ng iyong pangangalaga at may talaan sa tala-arawan kung gaano ito katagal. Maaaring kasama ka sa testigo, dati at kasalukuyang mga tagapagbigay sa IHSS, tagapayo sa rehiyunal na sentro, mga kaibigan, pamilya at sino pa man na may impormasyon na kailangan ng huwes. Para sa bawat saksi, ilita ang mga puntos na gusto mong sabihin ng saksi at ekisan ang bawat punto kapag ito ay nabanggit.

Paano ako makahahanap ng tulong para sa aking pagdinig?

Ang aming paglalathala na tinatawag na Maghanda para sa Pagdinig: Mga Pagwakas o Pagbabawas ng Oras sa IHSS ([mag-click dito](#)) ay may karagdagang impormasyon sa pagtataguyod tungkol sa mga pagdinig. Mayroon din itong 2 pormularyo na maaaring kailangan mong gamitin:

1. Pormularyo upang kumuha ng medikal na dokumentasyon ng mga antas ng pagganap mula sa iyong doktor
2. Pormularyo na nagpapaliwanag kung bakit kailangan mo ng higit pa kaysa sa pinahihintulutan ng mga HTG batay sa iyong pagganap

Para sa karagdagang tulong, tumawag sa rehiyunal na sentro (kung ikaw ay kliyente ng rehiyunal na sentro), isang malayang sentro ng pamumuhay, programa sa legal na tulong, programa sa pagtataguyod ng matatanda, Disability Rights California sa libreng tawa na numero (800) 776-5746, o sa Legal na Sentro ng Disability Rights sa (213) 736-1031. Upang malaman ang numero ng telepono ng programa sa pagtataguyod ng matatanda sa iyong lugar, tumawag sa iyong tanggapan ng county ng Kagawaran ng Pagtanda ng Estado (State Department of Aging) sa (800) 510-2020.

Bahagi 2: Palatanungan sa Sariling Pagtatasa

(TANDAAN: Ang sumusunod na bahagi ay hindi ganap na magagamit. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin kung kailangan mo ng ibang format para sa mga palatanungan na ito sa 1-800-776-5746.)

Palatanungan sa Sariling Pagtatasa sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS, In-Home Supportive Services)

Mga Serbisyong Pantahanan: Para sa nasa wastong gulang lamang. Ang mga bata ay hindi kwalipikado na tumanggap ng mga oras sa serbisyong pantahanan.

Ang mga serbisyong pantahanan ay karaniwang limitado sa 6 na oras kada buwan kada sambahayan at hinahati sa bilang ng mga tao sa sambahayan. Kung kailangan mo ng higit sa 6 na oras ng mga serbisyong pantahanan kada buwan dahil sa kapansanan ng tumanggap (hal., mas madalas na paglilinis ng banyo dahil sa kawalan ng pagpigil, madalas na pagpupunas dahil sa hika, atbp.), sa gayon markahan ang oras na kailangan sa mga hanay sa ibaba.

ANG TALAHANAYAN NG MGA SERBISYONG PANTAHANAN SA IHSS AY ILILIMBAG AT PUNAN ANG MGA PATLANG

MGA SERBISYONG PANTAHANAN	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUNAN
a. Pagwawalis at pag-vacuum								
b. Paghuhugas ng mga counter sa kusina								

MGA SERBISYONG PANTAHANAN	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUA N
c. Paglilinis ng oven at lutuan								
d. Paglilinis at pag-defrost ng refrigerator								
e. Pagtatabi ng pagkain at mga panustos								
f. Pagtatapon ng basura								
g. Pagpupunas at pagliligpit								
h. Pagdadala ng panggatong sa pag-iinit o pagluluto mula sa kaban ng panggatong sa bakuran, samu't sari								
i. Pagpapalit ng sapin sa kama								
j. Samu't Sari								
KABUUAN NG MGA SERBISYONG PANTAHAN								

Kaugnay na mga serbisyo: paghahanda ng pagkain, pagliligpit ng pinagkainan, karaniwang paglalaba, pamimili, at iba pang mga bilin. (Lunes hanggang Linggo.)

ANG TALAHANAYAN NG KAUGNAY NA MGA SERBISYO SA IHSS AY ILILIMBAG AT PUPUNAN ANG MGA PATLANG

KAUGNAY NA MGA SERBISYO	Lunes			Martes			Miyerkules			Huwebes			Biyernes			Sabado			Linggo			KABUUAN
	A	P	H	A	P	H	A	P	H	A	P	H	A	P	H	A	P	H	A	P	H	
Almusal=A, Pananghalian=P, Hapunan=H																						
a. Paghahanda ng mga pagkain, paghahain ng mga pagkain, paghihiwa ng pagkain*																						
b. Pagliligpit ng pinagkainan at pagpapalano ng pagkain**																						

KAUGNAY NA MGA SERBISYO	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUAN
<p>c. Paglalaba, pag-aayos, pagpapantsa, pag-uuri, pagtutupi at pagtatabi ng mga damit</p> <p>(Karaniwan, 60 minuto kada linggo sa bahay, 90 minuto kada linggo sa labas ng bahay)***</p>								
<p>d. Iba Pang Pamimili / mga Bilin</p> <p>(Karaniwan, 30 minuto kada linggo pinakamataas)***</p>								
KABUUAN NG KAUGNAY NA MGA SERBISYO								

ANG TALAHANAYAN NG HINDI MEDIKAL NA PERSONAL NA MGA SERBISYO SA IHSS AY ILILIMBAG AT PUPUNAN ANG MGA PATLANG

HINDI MEDIKAL NA PERSONAL NA MGA SERBISYO	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUAN
<u>MABIBIGAT NA PAGLILINIS</u>								
<u>HINDI MEDIKAL NA PERSONAL NA MGA SERBISYO</u>								
a. Paghinga*								
b. Pangangalaga sa pagdumi/pag-ihi (kabilang ang tulong sa/paalis sa kubeta)*								
c. Pagkain at pag-inom*								
d. Pagligo sa higaan*								
e. Pagbibihis*								
f. Pangangalaga sa regla*								
g. Paglilipat*								
h. Pagpunta sa at pag-alis sa kama*								
d. Pagsasaayos, pagligo, pangangalaga ng buhok, ngipin at mga kuko*								

HINDI MEDIKAL NA PERSONAL NA MGA SERBISYO	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUAN
j. Paghaplos ng balat upang tulungan ang sirkulasyon, pagpapaikot sa kama, muling pagposisyon sa wheelchair, pagtulong sa pagsakay sa at pagbaba mula sa mga sasakyan*								
k. Pangangalaga at tulong sa prostesis*								
KABUUAN NG MGA SERBISYO SA PERSONAL NA PANGANGALAGA								

TALAHANAYAN NG MGA SERBISYO SA TRANSPORTASYON SA IHSS AY ILILIMBAG AT PUPUNAN ANG MGA PATLANG

MGA SERBISYO SA TRANSPORTASYON		Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes	Sabado	Linggo	KABUUAN
Medikal na Transportasyon									
a. Tungo sa medikal na mga appointment***									
b. Tungo sa alternatibong mga mapagkukunan									
PAGBABAWAS NG PELIGRO SA BAKURAN									
PAMAMANIHALANG PAMPROTEKTA									
<u>MGA SERBISYONG PARAMEDICAL</u> (iyon ay, paglalagay ng catheter, mga iniksyon, saklaw ng mga ehersisyo sa paggalaw, atbp., tukuyin)									

<p>KABUUAN NG LINGGUHANG MGA SERBISYO</p> <p>(Lahat maliban ang mga Serbisyong Pantahanan)</p>									
<p>Multiplikahin nang 4.33 upang makuha ang buwanang kabuuan</p>									
<p>Idagdag ang Mga Serbisyong Pantahanan</p> <p>(6 na oras kada buwan ang pinakamataas maliban kung maipapakita na kailangan ng karagdagang mga oras sa pahina 1 sa itaas)</p>									

KABUUAN NG MGA BUWANANG SERBISYO									
---	--	--	--	--	--	--	--	--	--

* Kung ang may asterisk na mga oras ay katumbas sa 20 o higit pang mga oras kada linggo, kwalipikado ang tumatanggap bilang “malubhang may kapansanan.”

** Ang mga oras sa pagliligpit ng pinagkainan ay kasama sa pagtukoy kung malubhang may kapansanan kung ang tulong sa IHSS ay kinakailangan sa paghahanda ng pagkain at pagkonsumo.

*** Babayaran ng IHSS ang oras ng transportasyon upang ihatid at sunduin ka sa mga medikal na mga appointment, pati na rin ang oras sa paghihintay. Upang mabayaran para sa paghihintay sa medikal na appointment, ang tagapagbigay ay dapat ipakita na hindi sila maaaring umalis habang sila ay nasa medikal na appointment ng tumatanggap dahil hindi nila mahuhulaan kung gaano katagal matatapos ang appointment ng tumatanggap. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa transportasyon tungo at mula sa medikal na mga appointment, at mga oras sa paghihintay ng tagapagbigay sa mga appointment na ito, tingnan ang aming paglalathala na Mga Oras ng Paghihintay at Byahe ng Tagapagbigay sa IHSS na makikita online. [DRC Pub # 5607.01](#).

Bahagi 3: Mga Salik o Dahilan kung Bakit Kinakailangan ng Karagdagang Oras sa IHSS

MGA SERBISYONG PANTAHANAN

Ang mga regulasyon ng estado ay sa pangkalahatan nagpapahintulot lamang ng 6 na oras kada buwan kada sambahayan para sa mga serbisyong pantahanan. Nang inilabas ang mga regulasyon, ipinaliwanag ng estado na ang 6 na oras kada buwan ay batay sa pagtanggap ng mga serbisyong pantahanan dalawang beses kada buwan.

Kung 4 na tao ang nakatira sa bahay, ang kabuuang oras sa IHSS na pinahihintulutan para sa tumatanggap ay 1.5 oras kada buwan. Kung ang kasama sa bahay ng tumatanggap ay nakatira lamang doon bilang isang naninirahang katulong, ang mga serbisyong pantahanan ay dapat hindi naka-pro rata.

Dapat i-pro rata ng county ang mga oras para sa panlahat na mga lugar sa bahay lamang – iyong sariling kuwarto o banyo ay dapat i-awtorisa nang hiwalay. Kung kailangan mo ng mas maraming oras para sa mga serbisyong pantahanan upang manatiling ligtas sa bahay, dapat pahintulutan ng county ang eksepsyon sa 6 na oras bawat buwan na patnubay. Halimbawa:

- Ang alerhiya o problema sa pulmonary na paghinga ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa hindi maalikabok na kapaligiran at kailangan ng madalas na pagpupunas at pag-vacuum.
- Ang basura ay dapat tanggalin araw-araw, o mas madalas sa dalawang beses kada buwan, dahil sa mga problema sa ipis o ibang mga peste.
- Kung nakatatapon ka ng mga bagay, kinakailangan ng madalas na paglilinis, partikular na kung mayroong mga problema sa ipis o peste.
- Ang kawalan ng kontrol sa pagpigil ay nagreresulta sa pangangailangan ng paglilinis ng lugar ng sahig, kasangkapan, atbp., nang madalas.
- Ang basurahan ay nakalagay sa dalawahang nakakandadong pinto sa likuran ng gusali at nagtatagal ng 10 minuto ang papunta at pabalik.
- Kung kumakain ka sa kama, ang kama ay dapat i-vacuum at ayusin 3 beses kada araw upang tanggalin ang mga mumo. Ang mga sapin ng higaan ay dapat palitan nang mas madalas dahil sa mga tapon.

- Kung mayroon kang kawalan ng kontrol sa pagpigil/mga aksidente, ang mga sapin ng highaan ay dapat palitan nang mas madalas sa dalawang beses kada buwan (araw-araw, tatlong beses kada linggo, isang beses kada linggo, atbp.)
- Dahil sa karupukan ng balat at panganib sa mga sugat sanhi ng paghiga nang matagal o decubiti, ang mga sapin ay dapat panatilihin maayos upang maiwasan ang pagkakaroon ng maiinit na lugar; kailangang tiyakin na walang anuman sa sapin ang kumukuskos o nag-iirita sa balat.
- Dahil nahuhulog mo ang mga bagay, mas maraming pagpupulot ang kinakailangan.
- Dahil ang selyo sa refrigerator ay naluma na, mas maraming oras ang kinakailangan para sa paglilinis at pagdefrost ng refrigerator.
- Dahil karamihan ng iyong oras ay nasa kama ka o dahil sa pagpapawis, ang mga sapin ay kailangang palitan nang mas madalas sa dalawang beses kada buwan.
- Ang pagbomba sa ipis sa buong gusali ay nangangailangan, sa batayan ng isang beses, na lahat ay tanggalin mula sa kusina at istante, hinuhugasan at, pagkatapos magbomba, ibabalik. (Ang oras para dito ay makatuwiran hind lamang para sa mga dahilan ng kalusugan at kaligtasan, ngunit pati na rin sa pagtatag at pagpapanatili ng kalagayan ng malayang pamumuhay dahil ang hindi pagsunod ay maaaring maglagay sa iyo sa panganib ng pagpapalayas.)

Mga Serbisyo sa Personal na Pangangalaga

Ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga ay dapat tasahan nang indibiduwal. Tiyaking mabilang ang oras para sa buong gawain, mula sa umpisa hanggang sa matapos. Kung kailangan mo ng dagdag na oras para sa mga serbisyo sa personal na pangangalaga upang manatiling ligtas sa bahay, dapat magpahintulot ang county ng eksepsyon sa mga patnubay. Halimbawa:

- Ang banyo ay hindi napapapasok ng wheelchair. Nangangahulugan ito ng dagdag na oras na kinakailangan sa pagpaligo at ibang mga gawain sa personal na pangangalaga/pag-aayos.
- Ang mga aksidente sa banyo ay nangangailangan ng dagdag na paglilinis sa pangangalaga sa pagdumi at pag-ihi.
- Ikaw ay sensitibo sa sakit – kahit ang pagsuklay ng buhok ay napakasakit. Ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga ay dapat isagawa nang mabagal at maingat.
- Ikaw ay kumakain at ngumunguya nang mabagal at kailangang hikayatin o manwal na manipulahin ang iyong panga. Ang bawat pagkain ay maaaring magtagal nang 45 minuto para sa pagpapakain.

- Bagaman napapakain mo ang iyong sarili, kailangan mo ng katulong na naririyang upang tumulong na iangat ang mga bagay at dahil sa mga problema na mabulunan.
- Kailangan mong paliguan nang higit sa dalawang beses kada linggo dahil sa pagtatapon, kawalan ng kontrol sa pagpigil, mga problema sa balat.
- Ikaw ay may marupok na balat at mahina sa mga maiinit na lugar na maaaring maging sugat o decubiti; kailangang tiyakin na walang kumuskos o nag-iirita sa balat tulad ng damit o kung paano ka inilagay sa iyong wheelchair, atbp.
- Ang iyong buhok ay kailangang hugasan nang higit sa isang beses kada linggo dahil sa balakubak o sa pagkain na napupunta sa buhok.
- Pangangailangan ng dagdag na oras para sa pakikipag-usap sa tagapagbigay ng IHSS (gaya ng taong may cerebral palsy, na dapat gumamit ng pisara ng mga salita at alpabeto).
- Madaling kapitan ng mga impeksyon sa paghinga kaya ang buhok ay dapat pinapatuyo pagkatapos hugasan.

KAUGNAY NA MGA SERBISYO

Dagdag na oras ang kinakailangan sa paghahanda ng pagkain at/o pagpapalano ng pagkain dahil:

- Kailangan mo ng espesyal na diyeta tulad ng diyeta na hindi kasama ang asin at asukal o nangangailangan ng preskong pagkain
- Kailangan mo ng nakahiwa na pagkain o kinatas
- Kailangan mo ng likido o meryenda sa pagitan ng pagkain
- Ang iyong diyeta at huwaran sa pagkain ay iba mula sa ibang tao sa pamilya kaya hiwalay na inihahanda ang mga pagkain

Kailangan mo ng 2-3 beses na mas maraming pagkain dahil sa cerebral palsy na may spasticity at sa gayon kailangan ng dagdag na oras para sa paghahanda ng pagkain, pagpapalano ng pagkain at pagliligpit, pamimili, at pagpapakain.

Ang dagdag na oras ay kinakailangan sa pagliligpit ng pagkain hanggang sa malinis na mesa, wheelchair, at sahig dahil sa pagkatapon.

Dagdag na oras ang kinakailangan para sa paglalaba dahil:

- Dagdag na sapin sa higaan at pagpapalit ng damit ay kinakailangan dahil sa kawalan ng kontrol sa pagpigil, pagkatapon, at ang pangangailangan ng pagbanlaw bago labhan.
- Dagdag na oras ang kinakailangan upang sumunod sa panlahat na mga pag-iingat kapag sangkot ang mga likido sa katawan (ihi, dumi, dugo, laway, plema, suka) tulad ng pagbabanlaw, paghihiwalay mula sa ibang labahin, at paglalaba nang hiwalay.
- Kailangang manatili sa labada habang naglalaba at nagpapatuyo dahil sa magnanakaw.
- Kailangang ilagay ang damit sa dagdag na pagbabanlaw dahil sensitibo ang balat.

Dagdag na oras ang kinakailangan para sa pamimili, mga bilin, dahil sa:

- Layo sa pangunahing merkado.
- Kailangang pumunta sa merkado nang mas madalas o pumunta sa higit sa isang lugar dahil sa espesyal na diyeta, pangangailanga para sa preskong pagkain.
- Madalas na pangangailangan na kumuha ng medikasyon dahil sa mga limitasyon sa Medi-Cal sa laki ng reseta, dahil lahat ng mga pangangailangan sa medikasyon ay hindi maaaring matugunan sa isang lugar.

- Sa pagtira sa mababang-kita na lugar, ang mga merkado ay mas kaunti at mas matao na nangangahulugan ng mas mahabang paghihintay sa pila.
- Kailangang gumamit ng pampublikong transportasyon at mga taksi.

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [[Sagutan ang Survey](#)]

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/ListofGrantsAndContracts.html>